# PAGLUKLOK SA SAGRADONG PUSO NI HESUS
## (para sa lahat ng Kristiyano

Ang pangunahing kahulugan ng Pagluklok sa Sagradong Puso ay ang pakikipagtipan kay Hesus sa pag-anyaya mo sa Kanya upang maging Hari ng iyong puso at ng iyong tahanan. Ang kapalit nito ay ang pangako ng Panginoon ng maraming biyaya.

**Ang Pagluklok ay mas higit pa sa paglalagay lamang ng imahen o estatwa ng Sagradong Puso sa iyong tahanan.** Sa pamamamgitan ng pormal na  pag-anyaya kay Hesus upang maging Hari ng iyong tahanan, ipinapangako mo sa Kanya ang iyong katapatan at ipinasasailalim mo sa kanyang pangangalaga ang iyong sarili sa isang bagong paraan. Bilang Kanyang maharlikang alagad,  magsusumikap kang maglingkod kay Hesus at hangarin ang kanyang palagiang pagdalo: sa iyong puso, sa tahanan, sa trabaho at sa lahat ng bahagi ng iyong bawat araw at sa iyong buong buhay. Bilang ganti, may nag-aalab na hangarin si Hesus na pagpalain ka ng masagana!

Si Santa Margaret Mary Alacoque, isang madre ng Pagbisita sa Paray-le-Monial France, ay tumanggap ng mga pahayag mula kay Hesus sa pagitan ng mga taong 1673-1675. Sinabi ni Hesus kay Santa Margaret Mary Alacoque, “Maghahari ako sa pamamagitan ng Aking Banal na Puso.”

Inihayag sa kanya ng ating Panginoon ang labing dalawang (12) Pangako na kanyang igagawad sa lahat ng mga may debosyon sa Kanyang Sagradong Puso:

1. Bibigyan ko sila ng mga biyayang kailangan sa kanilang estado sa buhay.
2. Magtatatag ako ng kapayapaan sa kanilang mga tahanan.
3. Pagagaanin ko ang kanilang mga pagdurusa.
4. Ako ang kanilang magiging kanlungan ng kaligtasan sa kanilang buhay at, higit sa lahat, sa kanilang kamatayan.
5. Magbibigay ako ng maraming biyaya sa lahat ng kanilang Gawain.
6. Sa mga makasalalan ay makakatagpo sa Aking Puso ng ugat at dagat ng walang hanggang awa.
7. Ang mga maligamgam na kaluluwa ay magiging masigasig.
8. Ang mga kaluluwang masigasig ay mabilis na aangat sa kasakdalan.
9. Pagpapalain Ko ang bawat lugar kung saan ang larawan ng Aking Sagradong Puso ay nakalantad at pinaparangalan.
10. Bibigyan ko ang mga pari ng kakayahan upang dampian ang mga tumigas na puso.
11. Ang mga pangalan ng mga magsusulong ng debosyong ito ay masusulat sa Aking Puso.
12. Aking pangako mula sa labis na maawain Kong Puso, na ang Aking pinaka-makapangyarihang Pag-ibig ay ibibigay sa lahat ng tatanggap ng Komunyon sa Unang  Biyernes ng magkakasunod na siyam (9) na buwan ang biyaya ng huling pagpapakasakit; hindi sila mamamatay sa Aking kahihiyan, o na hindi makakatanggap ng mga sakramento. Ang Aking Banal na Puso ang kanilang magiging ligtas na kanlungan sa mga huling sandaling ito.

Bagama't ang debosyong ito ay nagsimula sa Katoliko, nais ni Hesus na ibigay ang mga biyaya nito para sa lahat. Dalawa lamang sa labingdalawang Pangako ang Katoliko: ang pang sampu (10) ay tanging para sa mga pari; at ang pang labing dalawa (12), kilalang Dakilang Pangako, ay nangangailangan ng pagtanggap sa Banal na Eukaristiya. Upang maging karapat dapat ang pagtanggap ng Eukaristiya, dapat magpahayag ng pananalig na ito ang katawan, dugo, espiritu at kabanalan ng Ating Hesu Kristo. Ang pagtanggap ng walang paniniwala ay magdudulot ng kaparusahan sa kaluluwa ayon sa pahayag ni San Pablo sa 1 Mga Taga-Korinto 11:29. Sa pangakong ito, hiniling ng Ating Paninoon ang pagtanggap ng Banal na Komunyon na ang hangarin ay upang ialay ito sa kapatawaran ng ating mga kasalanan laban sa Eukaristiya, na siyang pagpapakita ng Kanyang pag-ibig sa atin. Ang Dakilang Pangakong ito ay nagsisilbing imbitasyon para sa lahat ng hindi pa naniniwala sa katotohanang ito, upang buksan ang kanilang puso sa Kanyang Pag-ibig at sa Kanyang Simbahan, at ng makinabang sa Dakilang Pangako.

## PAGHAHANDA SA PAGLUKLOK

Ikaw ay inaanyayahang maghanda sa panloob at panglabas para sa Pagluklok.
Ang **Panloob** na paghahanda ay kinabibilangan ng pagbasa ng banal na salita ng Diyos at panawagan sa Diyos Ama na tulungan ang iyong puso sa pagpasok sa tipan na ito sa Kanyang anak, ang Ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu Kristo.

Ang **Panglabas** na paghahanda ay kinabibilangan pagkuha ng larawan o imahen ng Sagradong Puso ni Hesus at pagpili ng kitang kitang lugar sa inyong tahanan kung saan mailalagay ito. Baka naisin mo ring lagyang ng candila at litrato ng pamilya sa tabi ng larawan/imahen. At kung nanaisin mo, maaari mo ring anyayahin ang pamilya at mga kaibigan upang dumalo. Kung may awit na kakantahin, maghanda ng mga kopya ng awit para sa mga bisita. Pang-katapusan, baka gustuhin mong magbasa ng tungkol sa pag-ibig ni Hesus sa pamilya na matatagpuan sa Ebanghelyo tulad ng sa: Nazareno (Lukas 2;40-52), Kana (Juan 2:1-10), Betanya (Lukas 10:38-42 at Juan 11:1-44) at Jeriko (Lukas 19:1-10)

## Seremonya ng Pagluklok sa Sagradong Puso ni Hesus

Ipabasa sa isang miyembro ng pamilya ang Talata sa Banal na Kasulatan tulad ng Lukas 19:1-10, Lukas 10:38-42 o kaya Juan 122: 12-15. Isasagawa mo ang isa sa mga malaking pangangailangan ng ating panahon upang gawin ang tahanan para kay Kristo tulad ng "Nazareno" o "Betanya" upang maging makapangyarihang kuta laban sa pagsalakay ng mga kaaway ng Kristiyanismo.

Hahawakan ng pinuno ng pamilya ang larawan/imahen ni Hesus at ilalagay ito sa marangal na piniling lugar kung saan ito “maluluklok” bilang tanda ng pamamahal ni Hesus sa pamilya at ang imbitasyon kay Hesus na “manirahan sa amin…”. (Lukas 24:29)

**Bigkasin ang panalangin na sumusunod:**

Panginoong  Hesus, sa Huling Hapunan, sa Itaas na Silid sa pribadong tahanan, Ikaw ay gumawa ng tipan ng pag-ibig sa sapagitan Mo and ng iyong mga tauhan sa Bagong Testamento. Sa pagsasagawa mo nito, Iyong tinupad ang hula ni Jeremiah: “Inibig kita ng walang hangganang pag-ibig, kung kaya hinubog kita at naawa sa iyo. Masdan, at darating ang mga araw, sabi ng Panginoon, at gagawa ako ng bagong tipan sa Bahay ni Israel. Isusulat ko ang aking batas sa kanilang puso, at ako ang kanilang magiging Diyos at sila ang aking magiging mga tao”. (Jeremiah 31:3

Sa araw na ito, kaming mga miyembro ng pamilya (Apelyido), na kinabibilangan ni (banggitin ng bawat miyembro ang kanilang pangalan bago ang apelyido), ay malayang isinasagawa ang pakikipagtipan sa Iyong Puso. Ang puso na binuksan sa Kalbaryo at kung saan nabuhos ang dugo at tubig, mga simbolo ng pagbuhos ng Espiritu Santo na Iyong ipinangako sa mga nauuhaw. (Juan19:34-37)

Panginoong Hesus, patunayan sa bawat isa sa amin ang Iyong pangako kay Ezekiel: “At bibigyan ko sila ng isang puso, at maglalagay ako ng bagong espiritu sa kanilang kalooban; at kukunin ko ang kanilang pusong bato mula sa kanilang katawan, at bibigyan ko sila ng pusong laman” (Ezekiel 11:19). Gawin mong maamo at mapagkumbaba ang aming mga puso tulad ng Iyong Puso, dahil sinabi mo, “…matuto kayo sa Akin, dahil ako ay may maamo at mapagkumbabang puso…” (Mateo 11:29).

Nawa ay masabi sa aming tahanan ang Iyong sinabi sa bahay ni Zaccheus, “Ngayon dumating ang kaligtasan sa tahanang ito”. (Lukas 19:9)

**Maaari ng umawit kung inyong nanaisin.**

## Pangwakas na Panalangin:

Ama sa langit, nagpapasalamat ako sa regalo mong Iyong Anak, na si Hesu Kristo. Dinadalamhati ko ang aking pagkakasala na dumagdag sa kanyang pasyon at kamatayan. Bilang kabayaran sa aking nakaraang kawalan ng utang na loob sa Kanyang pagsasakripisyong pag-ibig sa akin,  hinihiling ko ang Iyong pagpapala at biyaya at pagpapala sa aming pagpasok sa bagong tipan sa Iyong Anak na si Hesus. Ama, tulungan mo po kaming parangalan Siya sa Kanyang pinaka Sagradong Puso. Tulungan mo kaming maiakma ang aming buhay sa Iyong kagustuhan upang si Hesus, ang aming Tagapagligtas, ay mag hari sa aming puso. Basabasan mo kami Ama upang

sa aming mga salita, isip at sa gawa ay malaman ng iba na ang Iyong Anak ang aming sinasamba at tinatanggap na aming Hari. **Amen.**

**Pagpirma ng Siyertipiko:**
Lahat ng miyembro ng pamilya ay pipirma sa harap ng Siyertipiko ng Pagluklok.
Lahat ng bisita ay pipirma sa likod ng siyertipiko.
Maaari ng maghain ng pampalamig, at nang ang pagsasama sama ay maging malugod.

TALA: tandaan na ang hiniling ng Ating Panginoon na ang Kanyang Puso ay ipagpitagan. Ang pinakamabisang paraan sa araw araw ay ang dasalin ang isa sa mga dasal na nasa website.

**Para sa iyong pagsasaalang-alang:**

Ina ni Hesus

Sa lahat ng kababaihan sa kasaysayan ng bibliya, tanging isa lang ang naging ina ng Ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu Kristo. Nagsalita ang Diyos tungkol sa kanya (Genesis3:15), nagbigay hula si Isaiah tungkol sa kanya (Isaiah 7:14) at si anghel Gabriel ay bumisita sa kanya (Luke 1: 26-27).
Mula sa malamig na sabsaban sa Bethlehem, ang pagtakas patungo sa Ehipto, ang mga taon sa tahanan sa Nazaret, at ang Kanyang kamatayan sa krus, naroon si Maria, hawak si Hesus sa kanyang mga braso.

Sinabi ni Hesus, “Ang Ama at Ako ay iisa (Juan 10:30)”. Ang mga salitang ito ay nagpapatunay kung sino ang Ama ni Hesus at pinapatunayan na ang Kanyang ama ang Ating Ama.
Ang asawa ni Zacharias na si Elisabeth ay napuno ng Espiritu Santo nang ipahayag niyang si Maria ang ina ni Hesus (Lukas 1:43). Sa gayon, ang Diyos ang kanyang Ama at si Maria ang kanyang ina.

Sa ika-apat na Utos ng Diyos ay tinatawag tayo upang igalang natin ang ating ama at ina, at walang nag-aalinlangan na iginalang ni Hesus ang kanyang Ama. Tayo ay nakakasiguro na iginalang ni Hesus ang kanyang Ina na si Maria katulad ng kanyang paggalang sa Diyos na kanyang Ama. Ang Ating Panginoon ay hindi lumabag sa kahit isa sa Kanyang mga Kautusan.

Sa pagsunod sa mga halimbawa ni Hesus, ang mga Katoliko ay gumagalang din kay Maria, katulad ng ginawa ng mga unang Kristiyano noong araw ng mga Apostol. Bago siya mamatay sa krus, ibinigay ni Hesus si Maria sa atin upang maging ating ina (Juan 19:26-27). Ang Kanyang hangad bilang ina ay ang sundin natin ang kanyang Anak. Ang

kanyang huling salitang nakasulat sa Banal na Kasulatan ay nagpapatotoo dito nang sa kasal sa Kana, ay sinabi niyang, “Gawin mo kung anuman ang sabihin niya sa iyo”. (Juan 2:5)

Sa Nazaret, si Hesus ang puso sa tahanan ni Jose at Maria sa loob ng maraming taon. Dahil dito, sila ay nagtamo ng masagang biyaya. Bilang ating espirituwal na Ina, walang pag-aalinlangan sa pagnanais ni Maria na kamtin din natin ang mga biyaya sa pag-imbita kay Hesus na maging puso sa ating tahanan, sa pamilya at sa lahat ng ating gawain.

Sa pampamilyang espiritung ito, ikaw ay inaanyayahang maki-isa sa karamihan sa mundo sa kinagisnang ugali ang paglalagay ng litrato o estatwa ni Maria kalapit ng imahen ng Sagradong Puso ni Hesus. Tulad ng tinanggap ng mag-asawa sa kasal sa Kana mula sa kanyang pamamagitan sa oras ng kanilang pangangailangan, mamamagitan rin siya para sa iyo sa lahat ng oras ng iyong pangangailangan.

Kaya, ikaw man ay mapapabilang sa lahat ng nagsakatuparan sa hula kay Maria, puno ng Espiritu Santo na nagsabi, “Dahil nakita niya ang kababaan ng kanyang alipin; masdan, mula ngayon lahat ng salinglahi ay tatawagin akong pinagpala.” (Lukas 1:48)



*Kaming mga nakalistang kasapi ng pamilya ng*

________________________________________________________

**Ay Mataimtim na Iniluklok ang Sagradong Puso ni Hesus**
**Bilang**

# HARI NG AMING PAMILYA

*At puno ng pagmamahal naming Itinatalaga ang mga Kasapi, mga buhay at maging ang mga yumao, sa Kanya bilang mga kasapi ng*

# PINAKASAGRADONG PUSO

Sa ika-____ araw na ito ng ___________________, 20______. At bilang pagpapatunay, inilalapat namin ang aming mga lagda.

| | |
|---|---|
| ____________________________ | ____________________________ |
| ____________________________ | ____________________________ |
| ____________________________ | ____________________________ |
| ____________________________ | ____________________________ |
| ____________________________ | ____________________________ |
| ____________________________<br>Lagda ng pari o ng kanyang kinatawan | ____________________________ |

## ANG KAPISTAHAN NG SAGRADONG PUSO

**ay nararapat na ipagdiwang ng Buong Taimtim sa Tahanan at sa Simbahan**

Galangin si Hesus araw araw sa matahimik na pagsamba sa harap ng Imahen Niya, sa pagpapasalamat sa pamamagitan ng dasal, paghiling, o kaya ay sa pagbanggit ng "Hesus, nagtitiwala ako sa iyo."

Mga mungkahi para sa paggalang sa Pagkaluklok ng Sagradong Puso: palagiang pagtanggap ng Komunyon, Pagsapi sa palagiang pagsamba sa banal na Ostiya, araw araw na pagbasa ng Banal na Bibliya, pangungumpisal sa bawat buwan, pagdasal ng rosaryo, at ang pag-aayuno. Ang lahat ng ito ay isasagawa bilang pag-aalay para sa mga kasalanang nagawa laban sa Pinaka Sagradong Puso ni Hesus. At panghuli, isagawang muli ang Pagluklok ng Sambahayan sa Kapistahan ng Sagradong Puso ni Hesus.





*Nosotros, miembros de la familia*

__________________________________________________

Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús

# Rey de Nuestra Familia

*y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su*

# SACRATISIMO CORAZON

El día ____ de ____________________ de 20____

Firma del Sacerdote o representante

## LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON

**debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la iglesia**

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo “Jesús, en Ti confío." Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística, leer la Biblia diariamente, confesarse mensualmente, rezar el Rosario y ayunar. Todo como actos de Reparación por las ofensas causadas contra Su Sacratísimo Corazón. Finalmente, pueden renovar su entronización el Día del Sagrado Corazón de Jesús.





*Nosotros,*
*miembros de la familia*

______________________________________________

## Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús
## como

# Rey de Nuestra Familia

*y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su*

# SACRATISIMO CORAZON

El día ___ de _______________ de 20____

Firma del Sacerdote o representante

## LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON

**debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la iglesia**

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen
ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo “Jesús, en Ti confío."
Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía
tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística,
leer la Biblia diariamente, confesarse mensualmente, rezar el Rosario y ayunar.
Todo como actos de Reparación por las ofensas causadas contra Su Sacratísimo Corazón.
Finalmente, pueden renovar su entronización el Día del Sagrado Corazón de Jesús.





*Nosotros,*

*miembros de la familia*

______________________________________________

**Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús**

**como**

# Rey de Nuestra Familia

*y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su*

# SACRATISIMO CORAZON

El día ____ de ________________ de 20_____

| | |
|---|---|
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| Firma del Sacerdote o representante | |

## *LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON*

**debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la iglesia**

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen
ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo "Jesús, en Ti confío."
Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía
tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística,
leer la Biblia diariamente, confesarse mensualmente, rezar el Rosario y ayunar.
Todo como actos de Reparación por las ofensas causadas contra Su Sacratísimo Corazón.
Finalmente, pueden renovar su entronización el Día del Sagrado Corazón de Jesús.





*Nosotros,*

*miembros de la familia*

______________________________________________

**Solemnemente Entronizamos El Sagrado Corazón de Jesús**
**como**

# Rey de Nuestra Familia

*y afectuosamente consagramos a todos los miembros, vivos y fallecidos a Su*

# SACRATISIMO CORAZON

El día ___ de ______________ de 20____

Firma del Sacerdote o representante

## LA FIESTA DEL SAGRADO CORAZON

**debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la iglesia**

Veneremos diariamente a Jesús dedicando un momento de nuestro día frente a su imagen ya sea en silencio, con oraciones de acción de gracias o simplemente repitiendo "Jesús, en Ti confío." Algunas sugerencias para vivir la entronización son: recibir la Santa Eucaristía tantas veces como les sea posible, pasar tiempo con Jesús en Adoración Eucarística, leer la Biblia diariamente, confesarse mensualmente, rezar el Rosario y ayunar. Todo como actos de Reparación por las ofensas causadas contra Su Sacratísimo Corazón. Finalmente, pueden renovar su entronización el Día del Sagrado Corazón de Jesús.



*Kaming*
*mga nakalistang kasapi*
*ng pamilya ng*



______________________________________________

**Ay Mataimtim na Iniluklok ang Sagradong Puso ni Hesus Bilang**

# Hari ng Aming Pamilya

*A[illegible] pagmamahal naming Itinatalaga ang mga Kasapi, mga buhay at maging ang mga yumao, sa Kanya bila[illegible] k[illegible]pi ng*

# PINAKASAGRADONG PUSO

S[illegible] ik[illegible]-____ araw na ito ng __________________, 20______. At bilang pagpapatu[illegible], i[illegible]la[illegible]pat

______________________ ______________________

______________________ ______________________

______________________ ______________________

______________________ ______________________

______________________ ______________________

______________________ ______________________

Lagda ng pari o ng kanyang kinatawan

## ANG KAPISTAHAN NG SAGRADONG PUSO

**debe celebrarse solemnemente en el hogar y en la iglesia**

ay nararapat na ipagdiwang ng Buong Taimtim sa Tahanan at sa Simbahan

Galangin si Hesus araw araw sa matahimik na pagsamba sa harap ng Imahen Niya, sa pagpapasalamat sa pamamagitan ng dasal, paghiling, o kaya ay sa pagbanggit ng “Hesus, nagtitiwala ako sa iyo.”

Mga mungkahi para sa paggalang sa Pagkaluklok ng Sagradong Puso: palagiang pagtanggap ng Komunyon, Pagsapi sa palagiang pagsamba sa banal na Ostiya, araw araw na pagbasa ng Banal na Bibliya, pangungumpisal sa bawat buwan, pagdasal ng rosaryo, at ang pag-[illegible]uno. Ang [illegible] ng ito ay isasagawa bilang pag-aalay para sa mga kasalanang nagawa laban sa Pinaka S[illegible]radong Puso ni Hesus. At p[illegible]huli, isagawang muli ang Pagluklok ng S[illegible]ayan sa Kapistahan ng Sagradong Puso ni [illegible]sus.

